



Australian Government


THE EARLY YEARS STRATEGY

PAPAL ng TALAKAYAN

PEBRERO 2023

Talaan ng mga Nilalaman

| | |
|--|----|
| Paunang salita (Mga ministro) | 4 |
| Proseso ng sanggunian | 6 |
| Pagkilala sa Bansa | 7 |
| Seksyon 1. Paunang-salita | 7 |
| Papel ng Talakayan | 7 |
| Ang pakay ng isang Early Years Strategy | 7 |
| Ang paraan sa paggawa ng Early Years Strategy | 7 |
| Ang mga ugnayan at sanggunian ng mga stakeholder (may interes) | 7 |
| Lawak at mga natatanging pag-isipan..... | 8 |
| Mga unang limang taon | 8 |
| Ang pokus ng Pamahalaang Komonwelt | 8 |
| Isang pokus sa pagkakawasak ng mga makalumang kaisipan (silos)..... | 8 |
| Ugnayan sa ibang mga Istrahedya ng Pamahalaang Komonwelt (Commonwealth Government Strategies)..... | 9 |
| Mga pandaigdigang obligasyon..... | 9 |
| Batay sa mga katatagan | 10 |
| Nakatuon sa bata at pamilya..... | 10 |
| Mga Unang Nasyon | 10 |
| Magalang sa pagkakaiba at mapangkupkop | 10 |
| Datos..... | 11 |
| Seksyon 2. Ang kaso para sa isang Early Years Strategy | 11 |
| Ang katunayan | 11 |
| Paano ang pag-uunlad ng mga bata..... | 12 |
| Seksyon 3. Ang iyong mga pananaw | 14 |
| a. Ang panukalang istraktura ng Early Years Strategy..... | 14 |
| b. Pangitain..... | 14 |
| c. Mga resulta | 15 |
| d. Mga nauunang patakaran..... | 15 |
| e. Mga prinsipyo | 15 |
| f. Paraan base sa katibayan | 16 |
| Kalakip A | 18 |



| | |
|-----------------------------|-----------|
| Kalakit B | 18 |
| Mga Sanggunian | 21 |

Paunang salita (Mga ministro)

Bawat bata ay may karapatan sa pagkakataong magkakaroon ng pinakamabuting panimula sa buhay; pagkakataong makakatamo sa kanilang mga hangarin at panaginip.

Ang Australya ay dapat may mga pinakamataas na ambisyon at hinahangad para sa lahat ng mga musmos na bata, ang kanilang pamilya at kamag-anak. Ang Istrahedyang sa mga Unang Taon (Early Years Strategy) ay magbubunyi sa mga kaunlaran ng mga batang Australyano, kinikilala na marami ay masaya at umuunlad. Ito ay nagnanais na gumawa ng mas marami pa at tatayo mula sa mga mabuting pinagmumulan na ito upang matiyak na walang bata o pamilya ay mapipigilan, o maiiwanan.

Ang mga maagang taon ay isang bintana ng oportunidad upang positibong maimpluwensyahan ang paglago ng mga bata, ang kanilang pananaw ng pagkakakilanlan, kalusugan at kabutihan, pag-aaral, kaligtasan at kaligayahan. Ang isang malakas na simula sa mga unang taon ay magpapalaki sa posibilidad ng tagumpay na magdadala sa mga bata sa mabuting kalagayan sa buong buhay.


Ang Istrahedyang sa mga Unang taon ay siyang magiging balangkas na magtatakda ng isang nakabahaging pag-unawa kung ano ang mga kinakailangan ng mga bata at pamilya sa Australya sa mga unang taon. Isang balangkas na maaaring humubog sa patakaran ng Pamahalaan sa isang panlahat na pamamaraan at siguraduhin na mayroon tayong isang magkakaparehong programa na magpapatakbo ng mga aktibidad ng pamahalaan.

Nais naming palakasin ang kahalagahan ng mga may murang edad ng bansa sa pamamagitan ng paglikha ng isang pananaw na magbibigay ng patnubay sa ating mga gawain kung paano masusuportahan ang mga bata sa kanilang unang limang taon, habang nagpupugay sa pagkabata. Sa pamamagitan ng pagtutuon ng pansin sa mga murang taon, tayo ay nagpoprotekta sa kapakanan at kasanayan sa sumusunod na henerasyon. Ito ay nagbibigay sa mga bata na marating ang kanilang lubos na kakayahan, at magkakaroon ng mga mas malawak, positibong epekto sa ating mga komunidad, ekonomya, at bansa sa kasalukuyan at sa hinaharap na henerasyon.

Nangako ang Pamahalaang Komenwelt sa pagsusuporta sa mga bata sa kanilang murang edad. Tayo ay nagpupuhunan sa paggagawa ng mas makakayang maagang edukasyon sa mga bata at sa pagkaaruga (early childhood education and care), pagpopondo sa mga bagong grupo sa paglalaro (playgroups) at toy libraries, at narepormang Paid Parental Leave. Ang pagkakatatag ng Early Childhood Care and Development Policy Partnership ay magpapaandar sa mga patakaran at programa na pinamumunuan ng komunidad upang masuportahan ang mga kabataan ng First Nations.

Wala sa kasalukuyan ng nagsasapawang istratehiya ng Komonwelt na sumusuporta sa mga may murang edad sa Australya. Kami ay nangako sa paggawa ng isang Commonwealth Early Years Strategy upang lumikha ng isang bago, nagkakaisang paraan para sa mga murang edad at inuuna ang kapakanan, edukasyon at kaunlaran sa mga bata sa Australya. Ito ay magpapahusay ng koordinasyon sa pagitan ng mga programa, pagpupundo at balangkas ng Pamahalaang Komonwelt umaapekto sa kaunlaran ng murang pagkabata.

Ang Strategy ay pagsasabihan ka, at magpapanatili sa mga bata at pamilya bilang sentro ng kanyang disenyo. Ito ay isasalaming ang mahalagang papel ng mga pamilya at tagapag-alaga, kamag-anak at kultura at komunidad, at ganoon din ang malawak na hanay ng mga serbisyo para sa mga musmos bata, pati na ang maagang edukasyon sa pagkabata at pangangalaga, mga grupo sa paglalaro at suporta sa kalusugan ng ina. Kami ay interesadong makinig mula sa lahat ng Australyano.



Kung ang pinakabatang kasapi sa ating mga komunidad ay umunlad, tayong lahat ay magbenepisyo.

Minister Rishworth

Minister Aly

Proseso ng sanggunian

Ang petsa ng pagsara ng mga pagsusumite: Ika-30 ng Abril 2023.

Email: earlyyearsengagement@dss.gov.au

Mail: Early Years Strategy
GPO Box 9820
Department of Social Services
Canberra ACT 2601

Mga pagtatanong: Lahat ng mga pagtatanong ay dapat ipadala sa earlyyearsengagement@dss.gov.au.

Itong papel ng talakayan (discussion paper) ay hindi patakaran ng Pamahalaan. Ito ay maghubog sa paraan ng pag-iintindi ng Pamahalaang Komonwelt kung ano ang kagustuhan ng komunidad ng Australya para sa ating mga musmos na bata (isang pangitain), kung ano ang gusto natin nilang makamit (mga resulta) at kung ano ang dapat nating inuuna (prayoridad) upang matiyak ang pinakamabuting resulta para sa lahat ng mga bata (nauunang lugar ng reporma).

Ang talakayang bayan tungkol sa dokumentong ito ay isang pagkakataon na magtulungan at magbahagian sa isang bagong Early Years Strategy (the Strategy).

Pagkilala sa Bansa

Ang Pamahalaang Komonwelt ay kumikilala sa mga tradisyonal na nagmaymay-ari ng Bansa sa buong Australya na kung saan tayo ay nagtipon-tipon, nakatira, nagtatrabaho at nakatayo. Kinikilala natin ang lahat ng mga tradisyonal na nagbabantay, ang kanilang mga Nakakatanda nang nakalipas, kasalukuyan at umuusbong at tayo ay nagbigay-galang sa kanilang patuloy na ugnayan sa kanilang kultura, komunidad, lupain, dagat at tubig.

Seksyon 1. Paunang-salita

Papel ng Talakayan

Itong dokumento ng talakayan ay sumusuporta sa proseso ng pagsusumite at kasama ang mga tanong na magiging gabay sa mga pagsusumite.

Ang paggawa ng Early Years Strategy ay isang pagkakataon na magkakaroon ng isang pambansang pag-uusap tungkol sa kung ano ang gusto natin para sa mga musmos na bata at ang kanilang mga pamilya at kung saan nating ituon ang ating lakas upang makamit itong mga kagustuhan.

Habang ang bawat sa ay may papel na gagampanan sa pagtiyak ng magandang resulta sa mga maagang taon ng ating mga anak, ang pokus nitong dokumento at ang Strategy ay tungkol sa papel ng Pamahalaang Komonwelt sa pagsusuporta sa mga bata sa kanilang mga maagang taon. Gusto naming mapakinggan sa mga magulang, pamilya, tagapag-alaga at guro, mga propesyonal at ibang eksperto sa maagang pagkabata tungkol sa isang pambansang paraan na makakabenepisyo sa mga bata at pamilya sa lahat ng lugar.

Ang pakay ng isang Early Years Strategy

Ang Strategy ay lumikha ng isang magtatagal na pananaw para sa mga bata at pamilya sa Australya. Ito ay magiging isang mapa ng daan na magiging gabay sa mga patakaran at programa ng maagang taon ng Komonwelt sa susunod na dekada, na nagbibigay ng pangitain na gustong makamit ng Australya para sa mga bata at pamilya sa mga maagang taon.

Ang Strategy ay magiging isang balangkas para sa paggawa at reporma. Ang pakay ay ang paglikha ng isang nagkakaisang paraan sa mga maagang taon, pati ang pagbabawas sa mga programa at pagpopondo ng mga silos (makaluma) sa buong mga kagawaran ng Komonwelt at mas mahusay na pagkakaisa at koordinasyon ng mga gawain. Ito ay magdaragdag ng obligasyon sa kapakanan, edukasyon, kalusugan (pati ang kalusugan sa pag-iisip), kaligtasan at kaunlaran ng mga bata sa Australya.

Ang paraan sa paggawa ng Early Years Strategy

Ang mga ugnayan at sanggunian ng mga stakeholder (may interes)

Ang sanggunian at ugnayan ng mga stakeholder ay makakatulong sa paghubog ng pagkakaintindi ng Pamahalaang Komonwelt kung ano ang kagustuhan ng komunidad ng Australya para sa mga musmos na bata, kung ano ang gusto nating makamit nila at kung ano ang dapat nating inuuna upang matiyak ang pinakamabuting resulta para sa lahat ng mga bata.

Magkakaroon ng ibat-ibang mga pagkakataon para sa mga tao na magbigay ng kanilang mga pananaw, pati mga sarbey, proseso ng pagsusumite mula sa publiko at ang pakikisali sa mga

talakayan (roundtables). Magkakaroon din ng mga lokal na ugnayan at sanggunian sa mga bata at pamilya.

Upang malaman ang iba pang mga pagkakataon para makapagbahagi ka at kung paano ang isang tagapayong lupon ng mga eksperto ay magtitimor sa paglilikha ng Strategy, maaari mong bisitahin ang website ng Early Years Strategy (<https://www.dss.gov.au/families-and-children-programs-services/early-years-strategy>).

Lawak at mga natatanging pag-isipan

Mga unang limang taon

Ang Strategy ay magpopokus sa unang limang taon, pati ang panahon bago kapanganakan. Habang ang mga panahon ng mahahalagang pagbabago at pag-uunlad ay nagpapatuloy lampas ng ika-limang gulang tungo sa mga taon ng pag-aaral, itong panahon ay isang mahalagang bintana ng pag-unlad na naghahanda sa mga bata para sa panghabang-buhay na karangyaan.

Ang pokus ng Pamahalaang Komonwelt

Lahat ng mga pamahalaan ay may mahalagang papel sa pagsusuporta ng mga unang taon sa pamamagitan ng mga programa at patakaran. Ang Strategy ay magpopokus sa papel ng Komonwelt at hangad na magpataas ang resulta ang pagpupuhunan ng Komonwelt sa mga maagang pagkabata.

Ito ay magiging isang Commonwealth Strategy na dahil sa likas na pagpapahalaga sa nakalatag sa bansa at ang malaking kontribusyon na ginagawa ng Komonwelt sa mga maagang pagkabata sa pamamagitan ng mga patakaran at programa na sumasapaw sa maraming lugar ng kalusugan, pag-unlad at edukasyon sa maagang pagkabata. May lugar ng Komonwelt na mapahusay ang paraan sa pagsuporta sa mga bata at pamilya sa buong mga katungkulan. Ang pambansang Strategy ay susubok na makatitiyak na lahat ng mga bata, saan man sila nakatira, ay magtamasa sa mga kaparehas na pagkakataon sa pag-aaral, umunlad at umusbong.

Isang pokus sa pagkakawasak ng mga makalumang kaisipan (silos)

Kasama sa bakas ng Komonwelt ang lahat magmula sa mga pangkalahatang serbisyo para sa lahat ng mga pamilya at bata, mga nakatuong suporta para sa mga pamilya at bata na may mga hinaharap na hamon, at ang mga pakikipagtulungan ng ikatlong partido kung kailangan upang masagot ang mga hamon sa pagkamit ng mga pinakamahusay na resulta para sa mga bata sa kanilang mga maagang taon.

Ang Komonwelt ay nagpopondo sa kalusugan, sa mga programa ng kalusugan ng ina at bata at kapakanan at sa mga serbisyo ng maagang ugnayan sa kalusugan. Ito ay sumusuporta sa sistema ng batas sa pamilya at mga programa na magprebenta at sasagot sa sekswal na pagkaabuso ng bata at karahasan sa tahanan at pamilya at sekswal. Ito ay nagbibigay ng direktang suportang pangpinansyal sa mga pamilya, pati ang paid parental leave, at mga programa na sumusuporta sa mga pamilya at tagapag-alaga ng mga musmos na bata. Sa pamamagitan ng halo-halong direkta at hindi direktang mekanismo ng pagpopondo, ang Komonwelt ay naghahangad na magbigay sa lahat ng mga musmos na bata ng paggamit sa abot-kayang kalidad na maagang edukasyon ng bata at pagkaka-alaga at ganoon din sa pagpapayaman sa pag-aaral mula sa mga kapaligiran ng bahay sa pamamagitan ng mga programa katulad ng mga grupo sa paglalaro at mga laruan sa may-aklatan.

Karagdagan sa mga programa ng pangkalahatang populasyon, ang Komonwelt ay nagpupuhunan sa mga gawain na magpapahusay sa kalusugan, kaunlaran at edukasyon ng mga bata ng First Nations upang mabawasan ang nasa sistema at multi-henerasyon na pagkadisbentahe. Marami ring ang mga

programa ng suporta para sa mga batang may pagkaantala o kapansanan, at ganoon din sa mga may panganib ng pagkadisbentahe dahil sa mga pagkakalipat, kahirapan o traumang karanasan.

Maraming mga patakaran at programa ng Komonwelt ng maagang pagkabata at ang kanilang pagpopondo ay ibinigay sa lahat ng mga ibat-ibang kagawaran at ahensya. Ang istrakturang ito ay may posibilidad na gagawa ng mga makalumang paraan (silos) na naninira sa pagtutulungan ng mga samahan at maaaring magpapahirap sa mga ginagawa ng Komonwelt na magbigay ng mga pinakamahusay na resulta para sa mga bata at pamilya. Habang may mga nagawa nang pagpapahusay sa mga pagbibigay ng serbisyo sa mga maagang taon, mayroon pa ring kailangang gagawin. Ang programa ng Connected Beginnings ay isang halimbawa ng pagtutulungan sa dalawang portfolios - kalusugan at edukasyon. Ang programa ay tumulong sa mga bata ng First Nations upang makakuha ng buong suporta sa pagtulong na makakasagot sa mga mahahalagang pag-aaral at kaunlaran na kailangang para sa malinis na pagsimula sa paaralan.

Ugnayan sa ibang mga Istrahedyang Pamahalaang Komonwelt (Commonwealth Government Strategies)

Ang Strategy ay magmumula, lilinya, at magpapalakas sa kasalukuyang mgaistratehiya ng Pamahalaan ng Komonwelt sa maraming ahensya (portfolios), at pangako sa loob ng Pambansang Kasunduan tungkol sa Pagpupuno ng Puwang (National Agreement on Closing the Gap), kabilang ang National Aboriginal and Torres Strait Islander Early Childhood Strategy. Ang listahan ng mga kaugnay na mga Strategies ay nasa [Attachment A](#). Marami sa mga istrategie ay may pokus sa mga partikular na grupo at problema o mga karanasan sa maagang pagkabata.

Magiging mahalaga ang pagsasaalang-alang kung paano makikipag-ugnay ang Komonwelt sa mas malawak na mga suporta para sa mga maagang pagkabata

Ang mga komunidad, pamilya, magulang, tagapag-alaga at kamag-anak ay may mga mahahalagang papel sa paghuhubog ng mga unang taon. Ang mga patakaran at programa ng Komonwelt ay dapat may magagandang mga ugnayan at aandar nang mahusay na gabinete, mga suporta para sa mga maagang pagkabata galing sa iba, pati na ng mga pamahalaan ng teritoryo at estado. Ang mga pamahalaan ng estado at teritoryo ay responsable sa mga serbisyo ng bago manganak at panganganak, mga serbisyo sa kalusugan ng ina at bata, paghahatid-sundo sa preschool, mga sistema ng pagprotekta sa mga bata at pagtiyak sa kalidad at patuloy na pagpapahusay sa mga serbisyo ng Early Childhood Education and Care (ECEC) sa sektor.

Ang mahusay na pagtutulungan at koordinasyon ng pamahalaan at mga hindi pampamahalaan na aktibidad sa pederal, estado at lokal na lebel ay nakakatulong na lumikha ng mahusay na sistema ng maagang pagkabata. Halimbawa, may mahalagang pagtutulungan na nangyayari sa pagitan ng Komonwelt at mga Estado at Teritoryo, pati na ang mga gawain mula sa Pambansang Gabinete tungkol sa pagkakaroon ng pangmahabang panahon na larawan ng ECEC, ang mga pangangailangan sa puwersa ng mga manggawa sa ECEC at ang pagtukoy ng mga nauunang mga lugar para sa mas malakas pagtutulungan sa ECEC ay maaaring hahantong sa mga mas magandang resulta.

Itong Strategy ay magpopokus sa pagpapataas sa halaga at epekto sa papel ng Komonwelt sa pagsusuporta ng mga maagang taon. Ang Strategy ay hindi magpopokus sa mga patakaran at programa ng mga estado at teritoryo, ngunit maaaring aalamin ang mga bahagi na maaaring may pagsasabwatan sa mga aktibidad ng Komonwelt.

Mga pandaigdigang obligasyon

Ang Strategy ay kikilalanin at igagalang ang mga pangako ng Pamahalaang Komonwelt sa pamamagitan ng United Nations (UN) Convention on the Rights of the Child, ang UN Declaration on the Rights of Indigenous Peoples at ang UN Declaration on the Rights of Persons with Disabilities.

Batay sa mga katatagan

Ang Istratehiya ay magpopokus sa mga katatagan. Ang paraan na nakabase sa katatagan (strengths-based approach) ay nagdedepende sa mga positibong mapagkukunan at kakayahan na dala at ginagamit ng mga bata at pamilya at komunidad. Ang Strategy ay hindi naghahanap at magtukoy ng iisang tamang paraan upang iyangat at suportahan ang isang bata, kundi sisikapin nitong matiyak na bawat pamilya at komunidad ay may mga gamit sa paggawa nitong napaka-importanteng gawain.

Nakatuon sa bata at pamilya

Ang mga karanasan sa pagkabata ay nangyayari sa konteksto ng mga pamilya. Itong Strategy ay magiging nakasentro sa bata at pamilya, mula sa mga boses ng mga bata at pamilya, mga pangangailangan, interes, lakas, pagkakaintindi at kakayahan, at magsasalamin sa hanay at ibat-ibang karanasan ng mga bata, ang kanilang mga interes at pagkakaiba.

Ang Strategy ay totooing makikinig at magsasali sa mga boses ng mga bata at maghangad na kakalapin ang kanilang mga ideya at pangarap. Kinikilala namin ang mga ugnayan sa pagitan ng mga bata, pamilya, kamag-anak at komunidad, at ang kahalagahan ng mga nagbibigayang ugnayan at sosyohan. Ang Strategy ay pahahalagahan ang mga konteksto sag kultura at lipunan ng mga bata at ang kanilang mga pamilya.

Ang Strategy ay kikilala sa mga karanasan at aktibidad ng pagkabata. Ang mga naunang taon ay hindi lamang tungkol sa paglalagay ng mga tamang batayan sa hinaharap, kundi tungkol din sa kasalukuyan. Ang mga musmos na bata ay umusbong sa mga mapagmahal na ugnayan ng pamilya na may maraming pagkakataon para sa mga laro, pagkakaibigan at masayang karanasan.

Mga Unang Nasyon

Ang mga bata ng Aboriginal at Torres Strait Island ay may karapatang umusbong at lalaki nang malusog, suportado ng mga matatag na pamilya at ipinagmamalaki ang kultura. Ang pagkakilanlan sa kultura, mga istraktura sa angkan at ugnayan ay matatag na kinikilala bilang mga pangprotekta sa kaligtasan, kalusugan, kapakanan at kaunlaran ng mga bata. Ang mga pamilya at komunidad na naapektuhan ng interhenerasyon na trauma at mga patakarang may pagkadiskriminasyon na nagpapatuloy sa pagkadisbentahe ay may mga masalimuot na problema, at may pinakakailangan ng mga serbisyong nakatuon at masinsinang paggamot at suporta na ligtas sa kultura at nakikisama.

Ang Strategy ay magbabatay sa pangako ng Pamahalaan sa Closing the Gap at ang National Aboriginal and Torres Strait Islander Early Childhood Strategy, na naghahangad na ihananay at isasama sa mga ginawa ng buong pamahalaan at sa mga sistema ng maagang pagkabata at sektor. Ang bagong Early Childhood Care and Development Policy Partnership (ECCP) ay nagbubuklod sa mga pamahalaan ng Australya at mga kinatawan ng First Nations na bumuo ng mga rekomendasyon sa pagsuporta ng mga bata ng First Nations sa kanilang mga unang taon at magbibigay sa mga tao ng First Nations na talagang makikipagsosyohan sa mga pamahalaan upang makamit ang mga resulta ng mga pinamunuan ng komunidad at kabuuang maagang pagkabata. Ang ECCP ay itinalaga na magsuporta sa pagbuo ng Strategy.

Magalang sa pagkakaiba at mapangkupkop

Ang Istratehiya ay magiging mapangkupkop. Ang mga batang may kapansanan o mga problema sa paglaki ay may karapatan sa kaparehas na mga positibong karanasan at pagkakataon na umusbong katulad sa lahat ng mga bata. Ang Disability Strategy at ang Early Childhood Targeted Action Plan ng Australya ay magtatalaga sa mga aksyon upang matiyak na ang mga batang ito ay suportado upang marating nang lubos ang kanilang potensyal. Ang Strategy ay magkomplimento sa mga gawaing ito at magiging malapit sa pagbuo ng bagong National Autism Strategy.

Ang Strategy ay kumikilala na ang mga pamilya sa Australya ay nagkakaiba sa kultura, relihiyon, wika, kakayahan, lugar at komposisyon ng pamilya at kasama rito ang mga komunidad ng LGBTQIA+. Ang Strategy ay kinikilala din na ang mga bata ay maaaring maninirahan sa mga tagapag-alaga, kamag-anak, o sa ibang kaayusan ng pagkaka-alaga, katulad ng paalagaan (foster), tirahan at pagpahinga sa pangangalaga (respite care).

Datos:

Sa Australya, tayo ay may mayamang mapagkukunan ng mga datos tungkol sa mga bata at pamilya na maaaring gamitin na magiging gabay sa mga inuuna at ginagawa sa Strategy. Kasali dito ang:

- datos sa lebel ng populasyon tungkol sa kalusugan ng bata, edukasyon, mga suporta ng lipunan, kinikita, pabahay at kaligtasan, na katulad ng buod sa ulat ng Australian Institute of Health and Welfare *Australia's Children 2022*ⁱ;
- ang Australian Early Development Census, isang buong bansang imbakan ng mga datos tungkol sa pag-unlad ng maagang pagkabata sa panahon ng pagsimula ng mga bata sa kanilang unang taon sa buong araw sa paaralan;
- ang mga pag-aaral sa mga pangkat katulad ng Longitudinal Study of Australian Children at ang Longitudinal Study of Indigenous Children; at ang
- mga proyekto na pagsaliksik sa pag-uugnay sa datos (data linkage research) para nagbibigay ng mga larawan sa buong buhay (whole-of-life) tungkol sa mga grupo ng populasyon sa Australya, katulad ng mga gumagamit ng Multi-Agency Data Integration Project (MADIP) na datos.

Magkakaroon ng mga pagkakataon na gamitin at pagandahin ang datos tungkol sa mga unang taon sa buhay ng bata upang matiyak na ang mga nangunguna at patakaran sa Strategy ay nakatuon sa may pinakaapekto, at ang resulta ay maaaring masukat.

Seksyon 2. Ang kaso para sa isang Early Years Strategy

Ang katunayan

Ang mga unang taon sa buhay ng isang bata, bago ipanganak hanggang ika-limang taong gulang, ay isang mahalagang panahon sa pag-unlad. Sa ngayon, ang mga maagang ugnayan, karanasan at pagka-alaga na natatanggap nila ay aktibong naghuhubog sa kanilang buong buhay sa kalusugan, pag-aaral, at pagkakilanlan. Sa mga unang taon ng buhay, ang pag-unlad ng utak ay nangyayari nang mas mabilis kaysa sa anumang panahon at mahigit na 1 milyong mga bagong neural connection ay nabubuo bawat segundo. Pagkatapos nitong panahon ng mabilis na paglaki, ang mga koneksyon ay nababawasan sa pamamagitan ng isang prosesong tinatawag na pruning upang ang mga sirkito ng utak ay nagiging mas mabisa at ang mas kumplikadong mga sirkito ng utak ay mabubuo sa mga mas una at mas mas simpleng sirkito. Ang kakayahang umangkop ng maagang pag-unlad ng utak ay nangangahulugan na mas madali at mas epektibong maimpluwensyahan ang arkitektura ng isang umuunlad na utak ng isang sanggol kaysa sa muling baguhin ang ilang mga bahagi ng sirkito nito sa mga taong nasa hustong gulang naⁱⁱ.

Mga positibong karanasan, ugnayan at kapaligiran sa mga maagang taon (pati sa panahon bago ipanganak) ay sumusuporta sa paglaki at pag-aaral, at itaalaga ang mga bata para sa panghabang-buhay na tagumpay sa kalusugan, kalusugan ng pag-iisip, makakamit sa edukasyon, trabaho at mga

kaugnayanⁱⁱⁱ. Ito ay dahil alam natin na ang kalidad ng pagka-alaga bago ipanganak, at ang regular na pagka-alaga sa unang tatlong buwan, ay kasali sa mas mahusay na kalusugan ng ina habang nagbubuntis, mas kunting pakikialam sa hulihan ng pagbubuntis at positibong kalusugan ng bata ang magiging mga resulta^{iv}.

Ang pakikialam nang pinakamaaga sa paglaki ng bata ay nagpapalakas sa epekto ng pagprebenta at magpapaganda sa epekto ng pakikialam^v. Ang unang 1000 araw (mula sa pagkabuntis, hanggang sa hulihan ng ikalawang taon) ay talagang mahalaga para sa kalusugan at paglaki. Ito ang panahon kung saan may pinakamataas na kakayahan upang mahubog ang mga resulta^{vi}. Habang ang mga bata ay nagkaka-edad, nagiging mas mahirap na bawiin ang mga epekto ng mga masamang mga karanasan na nangyari nang maaga at mapaganda ang patunguhan ng kanilang buhay^{vii}. Ang mga puwang sa murang pagkakabata ay patuloy sa buong buhay. Kung ang puwang ay nagsimula at hindi napuno sa edad na 5 taon, ito ay maaaring magpapatuloy, lalo na sa mga batang nakakaranas ng pagkamahina o pagkadisbentahe^{viii}.

Ang patunay para sa pagtubo sa puhunan sa mga maagang taon ay matatag. Halimbawa, ang pagsaliksik ng Access Economics noong 2010 ay nalaman na ang maaaring halaga ng mga benepisyo sa hinaharap na maaaring makamit bilang resulta ng maagang pakikialam at pagprebenta ay mahigit na \$5.4 bilyon kada taon^{ix}. Ang ulat noong 2019 mula sa Telethon Kids ay nalaman na ang mga pamahalaan ng Australya ay gumagastos ng \$15.2 bilyon bawat taon para sa mataas na intensidad at pang-krisis na mga serbisyo para sa mga problema na maaari sanang maiiwasan sa pamamagitan ng maagang pakikialam^x.

Ang ekonomistang si Dr James Heckman ay nagpakita na ang mga matataas na kalidad ng mga programa sa maagang pagkabata para sa mga nadisbentaheng mga bata ay maaaring makapagbigay ng resulta sa pagitan ng \$4 at \$16 sa bawat \$1 na ipinuhunan^{xi}. Sa kanyang katatapos na pag-aaral tungkol sa maluwag na saklaw, mataas na kalidad, na programa ng maagang pagkabata na may edad mula sa pagkasilang hanggang sa 5 taon para sa mga nadisbentaheng mga bata nalaman na umani ng 13 porsiyentong tubo sa puhunan ng bawat bata kada taon, sa pamamagitan ng mas mahusay na edukasyon, ekonomiko, kalusugan at panglipunan na mga resulta.

Ang pagsusuri sa ekonomya na ginawa ng PricewaterhouseCoopers at ang The Front Project noong 2019 ay nagtukoy ng halagang \$2 na benepisyo sa bawat \$1 na puhunan para sa mataas na kalidad na Early Education and Care sa buong buhay ng bata^{xii}.

Ang karagdagang benepisyo sa pagpupuhunan sa mga unang taon ng mga bata ay ang mga programang nagsusuporta sa mga resulta ng maagang pagkabata, katulad ng Paid Parental Leave na naghihikayat ng mas malaking pakikialam ng mga tatay, ay sumusuporta rin sa pakikisali ng mga puwersa ng mga manggagawa, at nagpapatatag ng seguridad sa ekonomya ng mga kababaihan.

Paano ang pag-uunlad ng mga bata

Marami sa mga bata sa Australya mula sa pagkasilang hanggang 5 taong gulang ay masasaya, malulusog, at nakakaranas sa pangkalahatan ng mga magandang resulta. Mayroong 1.5 milyong mga bata na 0-5 taong gulang Australya¹, at marami sa kanila ang mayroong mga bagay na kanilang kinakailangan para sa magandang pagsisimula ng buhay. Kasama rito ang pagkaroon ng pagka-alaga sa kalusugan at mahusay na nutrisyon, proteksyon laban sa pagkapinsala, mga pagkakataon para sa maagang pag-aaral at maaasahang pagka-alaga. Kahit na may maraming sanggol ang ipinapanganak

¹ Itong bilang ay mula sa datos ng 2021 census at **tanging** ibinilang ang mga batang may edad na 0 hanggang 5 taon. Nangangahulugan nito na binilang ang mga batang may edad 0 hanggang kanilang ika-limang kaarawan.

kada taon kaysa noon sa kasaysayan ng Australya, ang populasyon ng Australya ay tumatanda at ang proporsyon ng mga binata ay mas maliit at kinikinitang magpapatuloy na lumiliit sa paglipas ng mga taon.^{xiii}

Ang rata ng imunisasyon ay gumanda at mas mataas sa 94 porsiyento para sa mga may isang taong gulang, at mas lumiit ang bilang ng mga nanay na nagsisigarilyo habang nagbubuntis^{xiv}. Ang kalidad ng mga serbisyo ng ECEC ay patuloy na tumataas sa mga nakalipas na taon, may 88 porsiyento sa 15,000 aprobadong serbisyo ng ECEC sa Australya ay nasasagot o nalalampasan ang National Quality Standards^{xv}.

Ang isang pagsukat sa populasyon tungkol sa pag-unlad ng maagang pagkabata ay nakumpleto ng mga guro sa lahat ng mga bata na nagsisimulang mag-aral bawat tatlong taon, ang Australian Early Development Census (AEDC) ay nagsusukat kung paano minamanmanan ang pag-unlad ng mga bata kung sila ay nagsisimulang mag-eskuwela. Ito ay tumitingin sa kalusugan ng katawan, mga kasanayan sa lipunan, nasa-edad na pag-iisip, ang mga kakayahan sa pagbasa't-pagsulat at pagbilang, at ang kanilang kaalaman sa pangkalahatang pakikitungo. Noong 2021—ang pinakabagong AEDC—55 porsiyento ng mga bata ay developmentally na nakatakda sa lahat ng limang mga dominyo.

Gayunpaman, alam din namin na may ilang mga bata na hindi nakakatanggap ng pinakamabuting simula ng buhay at naiwan. Habang mahigit kalahati lamang ng lahat ng mga bata ay nakatakda sa lahat ng mga dominyo noong 2021, halos 45 porsiyento ay developmentally na nanganganib o tinasang developmentally na mahina sa isa o higit pang dominyo; at mahigit isa sa limang mga bata (22 porsiyento) ay tinasang developmentally na mahina sa isang hindi bababa sa isang dominyo^{xvi}, na ibig sabihin na sila ay hindi nasa inaasahan nating lugar para sa isang malusog, at umuunlad na bata sa ganoong edad.

Sa buong Australya, ang lugar kung saan ang mga bata ay isinilang at lumalaki ay maaaring makakaapekto sa kanilang mga pagkakataong umunlad sa mga darating na mga taon. Ang AEDC ay nagpakita sa paglaki ng mga bata sa mga nadisbentaheng komunidad ay gumanda lamang ng bahagya sa katatapos na mga taon, at may ilang mga kaso ay umatras. Ang mga batang nakatira sa mga malalaking lungsod ay magiging hindi gaanong mahina sa mga dominyo sa AEDC kaysa mga nakatira sa labas ng mga malalaking lungsod, kahit na ang puwang na ito ay nagbabago mula noong 2009 hanggang 2021.

Ang mga resulta sa AEDC ay nagpapakita din na noong 2021, ang puwang sa pagitan ng mga pinakadisbentaheng lugar sa ekonomya ng lipunan - at ang pinakamaliit ang pagkadisbentahe ay lumalaki sa lahat ng lugar, ang mga bata mula sa mas disbentaheng lugar ay 2 hanggang 4.4 na beses na mas malaki ang posibilidad na developmentally na mahina, depende sa dominyo ng pag-unlad.^{xvii}

Ang mga batang nanggaling sa nadisbentahe kasaysayan (lalo na ang may mga magulang na mas mababa ang kanilang pormal na lebel ng edukasyon, o nanggaling sa may mas mababang katayuan sa ekonomya at lipunan na kasambahayan at kapitbahayan) ay maaaring magiging mahina sa pag-unlad mula sa pagsisimula ng pag-eskuwela^{xviii}.

Ganoon din, may mga grupo na mas maaaring makakaranas ng kahinaan sa pag-unlad – ang mga bata sa First Nations, mga bata sa rehiyonal at liblib na mga lugar, mga batang may wikang hindi Ingles, at mga batang may kapansanan^{xix}. Ang puwang sa pagitan ng mga bata sa First Nations at hindi First Nations ay lumalaki ng 24.7 porsiyentong puntos sa pag-unlad sa bahaging pang-wika at sa kamalayan. Ang mga bata ay madalas na nakakaranas ng mas marami sa isang uri ng pagkadisbentahe. Halimbawa, ang mga bata na may kapansanan ay mas posibleng manirahan sa isang sahurang mga kasambahayan (Sollis, 2019); at mga rehiyonal at liblib na lugar ay mas posibleng

madisbentahe sa lipunan at sa ekonomya (ABS, 2016). Dahil sa mga maramihang uri ng pagkamahina, magiging mas mahirap para sa mga bata at pamilya na umusbong kapag walang tamang mga suporta.

Ang mga karanasan, inaasahan at kultural na pamantayan sa ating mga tahanan at komunidad ay mag-iimpluwensya sa mga bata habang sila ay nag-aaral tungkol sa mundo. Halimbawa, ang mga bata ay iniimpluwensyahan ng mga "gendered stereotypes" na ipinapakita ng kanilang mga pamilya, kaibigan, edukasyon at media. Ang nakabaon na pagkiling sa kasarian (gender-bias) at 'stereotyping' mula sa pagkabata ay patuloy na nag-iimpluwensya sa pag-aaral sa buong buhay ng bata at naglalagay ng mga balakid sa kanyang mga personal na mapagpipilian at pagkakataon sa kalaunan ng buhay^{xx}. Lalo na, ito ay mas lumalaki at nakakasamang epekto sa mga kababaihan, na nagpeprebenta sa kanila na makakamit ang kanilang lubos na potensyal.

Seksyon 3. Ang iyong mga pananaw

Ang mga sumusunod na seksyon ay nag-iimbiba ng mga kasagutan ng mga tanong. Ikaw ay inaakit na sumagot sa ilan o lahat ng mga katanungan, o magbigay ng anumang komento na sa palagay mo ay kaugnay sa pagbuo ng Strategy. Ito ay magtitiyak na ang Strategy ay naglalaman ng pinakamaraming boses na makakaya.

a. Ang panukalang istraktura ng Early Years Strategy

Ang panukalang istraktura ng Strategy ay kasama ng isang pangitain, mga resulta, mga inuunang patakaran at mga tagapagpahatid na magsusukat sa tagumpay ng bawat mga resulta at inuunang lugar ng reporma. Ipinapanukala na ang mga tagapagpahatid at mabubuo pagkatapos magawa ang mga nauunang patakaran. Isang banghay ng panukalang istraktura ay nasa [Attachment B](#).

Mabubuo ang mga Implementation Action Plan pagkatapos na magiging pinal ang Strategy at maitatalaga kung ano ang mga gagawin para masagot ang mga nauunang reporma. Isang Outcomes and Evaluation Framework ay gagawin din upang mamanan ang mga gawain.

TANONG

1. Mayroon ka bang mga kumento tungkol sa panukalang istraktura ng Strategy?

b. Pangitain

Ang pangitain ng Strategy ay maglalarawan sa mga pag-asa at ambisyon ng Pamahalaang Konwelt para sa mga kabataan sa mga unang taon. Ang pangitain ng Strategy ay ilalarawan kung ano ang gusto nating magiging karanasan ng mga sumusunod na henerasyon ng Australya sa kanilang mga unang limang taon sa buhay. Malalaman nito kung ano ang ating maririnig mula sa komunidad ng Australya tungkol sa kanilang mga kagustuhan para sa mga musmos na bata sa Australya, lalo na sa napakahalagang mga taon na magsimula sa bago ipanganak hanggang sa ika-limang taong gulang.

Tandaan: ang pangitain para sa Strategy ay sinadya bilang mas malawak kaysa pangitain para sa sektor ng ECEC na binubuo ng Pamahalaan Komonwelt sa tulong ng mga Pamahalaan ng Estado at Teritoryo. Ang pangitain ng Strategy ay dapat isama ang mga panaginip ng mga bata sa lahat ng mga aspeto ng kanilang buhay.

TANONG

2. Ano ang pambansang pangitain ang dapat para sa mga pinakabata sa Australya?

c. Mga resulta

Ang resulta o kahinatnan ay dapat ilarawan kung ano ang makakamit ng Strategy. May hanay ng mga resulta na dapat na magawa nang mahusay sa buhay. Tutukuyin ng Strategy ang mga panahon na makukuha ang mga pinakamahalagang resulta, katamtaman ang panahon at ang mahaba-habang panahong mga resulta upang masuportahan ang mga unang taon.

Ang uri ng mga resulta na maaaring isama sa Strategy ay mga pahayag tungkol sa mga bata na magiging malusog sa katawan at pag-iisip, pag-aaral at pag-unlad at paglaki, pagiging ligtas o may positibong pananaw sa pagkakilanlan. Maaari ring isama ang tungkol sa pagkakasagot sa mga tanging pangangailangan o pagkakaroon ng mga pagkakataon n makisali sa mga aktibidad ng lipunan at komunidad, kumilala sa kultura at magtitiyak na ang mga unang taon ay mapabilang sa ibat-ibang mga pamilya at ang kanilang mga pangangailangan.

Maraming mga nagkakaugnay na bagay ay nakakapagbigay ng mga magagandang resulta sa mga unang taon. Ang tanong na ito ay nagsasabi sa iyo na pag-isipan ang tungkol sa mga resulta na dapat kasali sa Strategy.

TANONG

3. Ano ang mga iba't-ibang resulta ang pinakamahalagang isama sa Strategy?

d. Mga nauunang patakaran

Para maging mabisa ang Strategy, mahalagang matukoy ang mga natatanging lugar (mga nauunang patakaran) kung saan dapat ipokus ang Pamahaaan ang kanyang mga gawain.

Isang lugar na ang Pamahalaan ay natukoy bilang isang inuuna ay ang Pamahalaang Komonwelt ay dapat sagutin at wasakin ang mga silos. Kung walang nag-uugnayan, magkasamang paraan sa buong Pamahalaan, walang matutukoy na responsable at sumasagot sa mga bata sa Australya. Ang isang makalumang paraan (siloed approach) ay mapanganib din na magdudoble sa mga gawain, maglalaban sa mga mapagkukunan at mawawalan ng mga pagkakataon na magtutulongan upang mapahusay ang mga resulta.

May mga inuuna na ilalabas habang hinuhubog ang pangitain at mga resulta ng Strategy. Kami ay masayang tatanggap sa mga maagang ideya tungkol sa mga nuuna para sa Strategy.

MGA TANONG

4. Anong mga partikular na bahagi/pinakamahalagang mga patakaran ang dapat na maisama sa Strategy at bakit?

5. Ano ang maaaring gawin ng Komonwelt upang mapahusay ang mga resulta para sa mga bata—lalo na sa mga ipinanganak o lumaki sa mga mas nanganganib at/o napipinsalang kalagayan?

6. Anong mga lugar sa palagay mo ang dapat matugunan ng Komonwelt upang mapabuti ang koordinasyon at pagtutulongan sa pagbuo ng mga patakaran para sa mga bata at pamilya?

e. Mga prinsipyo

Isang pangkat ng mga prinsipyo ang mabubuo upang maging gabay sa patakaran at implementasyon sa loob ng Strategy.

Kasama sa mga panggabay na prinsipyo ay ang mga bagay na maglalagay sa sentro ang bata at pamilya, pakikinig sa mga pananaw ng mga bata at pamilya, at ang pagiging kasali sa ibat-ibang mga bata at pamilya. Maaari din nilang pag-isipan ang mga pangangailangan ng mga bata at pamilya sa buong sistema at sa pagtatagal nito.

TANONG

7. Ano ang mga prinsipyo na dapat kasali sa Strategy?

f. Paraan base sa katibayan

Ang mga nagsasaliksik at gumagamit ay nakabuo ng maraming balangkas upang maging gabay sa patakaran at gawain para sa mga unang taon. Itong mga modelo o balangkas ay nagpapakita kung paano ang ibat-ibang mga bahagi sa buhay ng bata ay nagtutulungan sa pagkakaroon ng mga positibong resulta sa pagkabata. Ang ilan sa mga ito ay inilarawan sa ibaba.

Ang hangad ng mga balangkas ay magkapareho – ilagay ang mga bata sa sentro ng lahat na paggawa ng patakaran at ipakita ang mga pag-uugnayan at mahahalagang bagay sa pagbuo ng maagang pagkabata. Itong mga balangkas ay maaaring makakatulong sa paghubog ng Strategy. Kasama sa mga halimbawa ang modelo para sa pampublikong kalusugan, teorya ng mga sistema ng kapaligiran, ang balangkas tungkol sa kapakanan ng bata sa Australian Research Alliance for Children and Youth (the Nest), at ang mga balangkas ng kapakanan sa Organisation for Economic Cooperation and Development (OECD). Ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga halimbawang balangkas ay nakalista sa ibaba. Mahalagang malalaman na ang mga balangkas na ito ay hindi lamang ang maaaring mapagkukunan ng mga katunayan at datos na maaaring magamit. Ang Strategy ay kumikilala sa kahalagahan ng mga basehan sa kaalaman ng mga Aborihinal at Torres Strait Islander, kumikilala sa mga puwang sa kasalukuyang patunay at datos, isang mahalagang inuuna sa loob ng kasalukuyang Closing the Gap Agreement.

- Ang modelo sa pampublikong kalusugan ay nagtutukoy sa mga lugar ng panganib sa paglaki ng mga bata at nagpeprebenta sa mga problema bago mangyari ang mga ito sa pamamagitan ng pagsagot sa panganib na ito. Ang modelo ay nagbibigay ng naiibang lebel ng suporta, magmula sa mga pagkalahatang serbisyo na makukuha ng bawat tao hanggang sa mga mataas na serbisyo. Kasama sa mga pangkalahatang serbisyo ang mga bagay na katulad ng mga sistema ng ating kalusugan at edukasyon; mga pinuntiryang serbisyo (o sekundarya) ay kasama ang mga patakaran katulad ng pagliban sa trabaho ng magulang (parental leave); at ang pang-tersero na mga serbisyo ay sumasagot sa mga maiinit na isyu katulad ng pagkaprotekta sa bata^{xxi}.
- Ang teorya ng mga sistema sa kapaligiran na binuo ni Urie Bronfenbrenner ay nagpapakita na ang pag-unlad ng isang bata ay inimpluwensyahan ng kanilang kapaligiran, na may hanay mula sa malapit na kapaligiran sa pamamagitan ng kanilang pamilya, komunidad, at hanggang sa impluwensya ng lipunan^{xxii}.
- Ang konseptong Nest tungkol sa kapakanan ay may anim na nagkokonektang mag domains na nagsusuporta sa bawat isa upang matulungan ang mga bata na umusbong sa pagkabata at makakamit ang kanilang lubos na potensyal habang sila ay lumalaki. Upang magkakaroon ng pinakamagandang kapakanan, ang isang bata ay kailangang masagot ang kanilang mga pangangailangan, sa lahat na anim na mga dominyo, sa modelong kapaligiran na base sa Bronfenbrenner's^{xxiii}.
- Ang OECD ay may dalawang mahalagang balangkas sa pagsusukat ng kapakanan. Ang una ay isang pangkalahatang modelo ng kapakanan na iniisip ang mga iba't-ibang mga karanasan at

mga katayuan sa buhay ng mga tao at nakabase sa tatlong bahagi, kasama ang kasalukuyang kapakanan, mga hindi pagkapantay-pantay na resulta ng kapakanan at mga mapagkukunan para sa hinaharap na kapakanan (Figure 1). Ang ikalawang mas bagong balangkas na binuo ng OECD ay isang modelo na hinahangad ang pagtukoy sa mga aspeto ng buhay ng mga bata na dapat pinakamahusay na magsusubaybay sa kanilang kapakanan (Figure 2). Ito ay nakasentro sa ideya na ang mga bata ay dapat makakayang makapag-enjoy ng isang maligayang pagkabata at ang makapagbuo ng mga kasanayan at abilidad na makapaghanda sa kanilang mga hinaharap^{xxiv}.

FIGURE 1





FIGURE 1

OECD Aspirational Child Well-being Measurement Framework



TANONG

8. Mayroon ba ang mga puwang sa mga umiiral na balangkas o ibang mga pananaliksik o ebidensyang ang nangangailangan na isalang-alang para sa pagbuo ng Strategy?

Kalakip A – kaugnay na mga inisyatiba ng Pamahalaang Komonwelt

Ang Pamahalaang Komonwelt ay may hanay ng mga pamamaraan, inisyatiba at reporma na nakikipag-ugnayan sa mga unang taon, kabilang ang mga sumusunod:

Early Childhood Education and Care (ECEC):

- Cheaper Child Care for Working Families election commitment National Quality Framework (NQF) Review – implementation of changes to the Education and Care Services National Law and National Regulations and guidance for the sector
- Productivity Commission Inquiry into Child Care Sector
- Preschool Reform Agreement 2022-2025
- Shaping Our Future: National Children’s Education and Care Workforce Strategy – development of implementation plan and commitments to boost ECEC workforce – incl. fee-free TAFE places, Y Care Careers program

Kapansanan:

- Australia’s Disability Strategy 2021-2031
- National Autism Strategy

Mga Unang Nasyon:

- Early Childhood Care and Development Policy Partnership 2022
- Early Childhood Care Development Sector Strengthening Plan
- National Aboriginal and Torres Strait Islander Early Childhood Strategy National Agreement on Closing the Gap

Kalusugan at Kagalingan

- National Action Plan for the Health of Children and Young People 2020-2030
- National Children’s Mental Health and Wellbeing Strategy
- National Fetal Alcohol Spectrum Disorder (FASD) Strategic Action Plan 2018-2028
- National Mental Health and Suicide Prevention Agreement
- National Preventive Health Strategy 2021-2030
- Treasury Wellbeing Framework
- National Strategy to Achieve Gender Equality


Kaligtasan:

- National Plan to End Violence against Women and Children 2022-2032
- Safe and Supported: the National Framework for Protecting Australia’s Children 2021-2031

Kalakip B – Panukalang balangkas ng Early Years Strategy


Ang balangkas na ito ay nagbibigay ng isang pangkalahatang paglalarawan sa panukalang balangkas ng Early Years Strategy, pansinin na ang bilang ng mga kinalabasan at nangungunang mga patakaran ay hindi pa napagpasyahan. Mayroong ilang mga pangunahing elemento ng disenyo kabilang ang:

- **Pangitain** – upang magtakda ng isang komprehensibo at may hangaring pagpapahayag para sa Strategy
- **Mga Resulta** – upang magtatag ng isang maikli at pangmatagalang mga pagbabago kapag ipinatupad na ang Strategy
- **Mga Inuunang Patakaran** – ang mga tinututukang lugar sa ilalim ng Strategy na itinuturing na malamang na magkakaroon ng isang positibong resulta sa kahihinatnan
- **Mga Palatandaan** – mga hakbang na nagpapakita kung may progresong nangyayari patungo sa nakaplanong mga resulta
- **Mga Prinsipyo** – ang mga patakaran at patnubay sa pagtatakda ng direksyon at pagpapasya sa ilalim ng Strategy
- **Katibayan** – nasuri at nasubok na impormasyon upang suportahan ang direksyon ng Strategy



Panukalang balangkas ng Implementation Action Plan (Planong Gagawin sa Pagpapatupad)

Ang panukalang Implementation Action Plan ay maglalarawan kung paano ipapatupad ang Strategy at kabilang dito ang detalyadong mga planong gagawin at palalaksin ng isang balangkas upang tasahin ang pagiging epektibo ng Strategy.



Mga Sanggunian

- ⁱ Australian Institute of Health and Welfare, [Australia's children](#), web report, last updated 25 February 2022. Accessed 24 Jan 2023.
- ⁱⁱ Center on the Developing Child (2007). [The Science of Early Childhood Development](#) (InBrief). Retrieved from www.developingchild.harvard.edu
- ⁱⁱⁱ TG Moore, N Arefadib, A Deery, and S West, [The First Thousand Days: An Evidence Paper](#), 2017, Parkville, Victoria: Centre for Community Child Health, Murdoch Children's Research Institute. <https://doi.org/10.25374/MCRI.5471779>; J Heckman, [Invest in Early Childhood Development: Reduce Deficits, Strengthen the Economy](#), heckmanequation.org, n.d, accessed 6 December 2022; EA Shuey and M Kankaraš, [The power and promise of early learning](#), 2018, OECD Education Working Paper No. 186. Paris, France: OECD publishing. DOI: <https://doi.org/10.1787/f9b2e53f-en>
- ^{iv} Australian Institute of Health and Welfare, [Australia's mothers and babies](#), web report, last updated 29 Nov 2022. Accessed on 6 Dec 2022.
- ^v T Moore and N Arefadib, Tasmanian Play2Learn+ Trial: Evidence Review, 2022, Parkville, Victoria, Centre for Community Child Health, the Murdoch Children's Research Institute. (To be published on MCRI website on 11 Dec); S Fox, A Southwell, N Stafford, R Goodhue, D Jackson, and C Smith. *Better Systems, Better Chances: A Review of Research and Practice for Prevention and Early Intervention*, 2015. Canberra, ACT: Australian Research Alliance for Children and Youth (ARACY); TG Moore and M McDonald, *Acting Early, Changing Lives: How prevention and early action saves money and improves wellbeing*, 2013, Prepared for The Benevolent Society. Parkville, Victoria: Centre for Community Child Health, Murdoch Children's Research Institute, The Royal Children's Hospital. DOI: 10.4225/50/5578D0A59EA66.
- ^{vi} TG Moore, N Arefadib, A Deery, and S West, [The First Thousand Days: An Evidence Paper](#), 2017, Parkville, Victoria: Centre for Community Child Health, Murdoch Children's Research Institute. <https://doi.org/10.25374/MCRI.5471779>
- ^{vii} TG Moore, N Arefadib, A Deery, and S West, [The First Thousand Days: An Evidence Paper](#), 2017, Parkville, Victoria: Centre for Community Child Health, Murdoch Children's Research Institute, p.70 <https://doi.org/10.25374/MCRI.5471779>
- ^{viii} OECD (2022), *Improving Early Equity: From Evidence to Action*, OECD Publishing, Paris, <https://doi.org/10.1787/6eff314c-en>
- ^{ix} Research by Access Economics in 2010 found that the potential value of future benefits that can be realised as a result of early intervention and prevention is over \$5.4 billion per annum
- ^x CoLab – Collaborate for Kids, *How Australia can invest in children and return more: A new look at the \$15bn cost of late action* <https://www.telethonkids.org.au/our-research/impact/2020/collaboration/counting-the-cost-of-late-intervention/>
- ^{xi}; J Heckman, [Invest in Early Childhood Development: Reduce Deficits, Strengthen the Economy](#), heckmanequation.org, n.d, accessed 6 December 2022.
- ^{xii} PWC for the Front Project, [A Smart Investment for a Smarter Australia: Economic analysis of universal early childhood education in the year before school in Australia](#), June 2019, accessed 6 December 2022.
- ^{xiii} Centre for Population (2023), 2022 Population Statement, The Australian Government, Canberra
- ^{xiv} Australian Institute of Health and Welfare, [Australia's mothers and babies, Smoking during pregnancy - Australian Institute of Health and Welfare \(aihw.gov.au\)](#), 29 November 2022.
- ^{xv} The Australian Children's Education and Care Quality Authority, [National Quality Framework Snapshots](#), accessed 6 December 2022.
- ^{xvi} AEDC - Nearly 45% of children are starting school developmentally vulnerable or at risk on at least one domain
- ^{xvii} Australian Government Department of Education, Skills and Employment [Australian Early Development Census National Report 2021: Early Childhood Development in Australia](#), accessed 15 December 2022.
- ^{xviii} Children from disadvantaged backgrounds (especially those whose parents have lower formal education levels, or who have lower household and neighbourhood socio-economic status backgrounds) are more likely to be developmentally vulnerable on school entry
- ^{xix} AEDC and; B Edwards and J Baxter, [The Tyrannies of Distance and Disadvantage: Factors related to children's development in regional and disadvantaged areas of Australia](#), November 2013, Australian Institute of Family Studies.
- ^{xx} Deloitte Access Economics, *Breaking the Norm: Unleashing Australia's Economic Potential*, November 2022.

^{xxi} The Australian Institute of Family Studies, [The public health approach to preventing child maltreatment](#), June 2016, accessed 6 December 2022; NSW Department of Communities and Justice, [the public health model for child protection and wellbeing](#), accessed 6 December 2022.

^{xxii} O Guy-Evans, [Bronfenbrenner's Ecological Systems Theory](#), published 9 November 2020, [simplypsychology.org](#).

^{xxiii} Goodhue, R., Dakin, P., Noble, K. 2021 [What's in the Nest? Exploring Australia's Wellbeing Framework for Children and Young People](#), ARACY, Canberra

^{xxiv} OECD (2021), [Measuring What Matters for Child Well-being and Policies](#), OECD Publishing, Paris, <https://doi.org/10.1787/e82fded1-en>